# MUSIKA
## Ikaapat na Baitang
## Modyul 12

## ANG ISKALANG PENTATONIC



### ALAMIN MO

Ang iskalang **pentatonic** ay binubuo ng **limang** nota, mula sa mga salitang penta (lima) at tonic (tono).

Ito ay binubuo ng limang sunod-sunod na buong hakbang na nota – do - re - mi - so - la.




Ganito nakasulat ang iskalang pentatonic sa limguhit.




Ang iskalang pentatonic ay ginagamit sa mga musika ng Asya lalung-lalo na sa Tsina, Hapon, Korea at Pilipinas.








## GAWIN MUNA

Subukan mong awitin ang mga so-fa silaba ng iskalang pentatonic.

1.



2.



3.



4.





## PAG-ARALAN MO

1. Awitin mo ang “Yaman ng Bayan”.








2. Awitin ang mga so-fa silaba ng awit.

   Ilang tono ang ginamit sa awit?
   Anu-ano ang mga ito?

3. Awitin ang iskalang pentatonic.




   Ilan ang nota sa iskalang pentatonic?
   Ano ang pagkakaiba ng iskalang pentatonic sa iskalang mayor?




   Ilang nota ang bumubuo ng iskalang pentatonic?
   Ano ang pagkakaiba ng iskalang pentatonic sa iskalang mayor?



4. Awitin mo ngayon ang iskalang pentatonic sa iba't ibang direksyon habang ginagamit ang senyas kamay ni "Kodaly".

A. Pataas




B. Pababa




C. Inuulit




D. Pataas na Palaktaw




E. Pataas na Pahakbang




F. Pababa na Palaktaw






## SUBUKAN MO

Awitin mo ang mga sumusunod:

mi - so - la
do - re - mi
do - re - mi - so - la

la - so - mi
mi - re - do
la - so - mi - re - do



## TANDAAN MO

Ang iskalang **pentatonic** ay binubuo ng limang sunod-sunod na buong hakbang na nota - do - re - mi - so - la.





# PAGTATAYA

Panuto: Gamit ang limguhit sa ibaba, gumawa ng iskalang pentatonic pataas at pababa. Lagyan ng so-fa silaba ang mga nota.





Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.

